Ministry of Health, Labour and Welfare /
Quarantine Information Office

(Marso 12, 2021)

# Sa Lahat ng Papasok sa Japan

**(Tungkol sa pag-install ng mga kinakailangang app upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng COVID-19)**

**Sa panahon ng pagpasok sa Japan, susuriin namin ang iyong smartphone sa quarantine area ng paliparan.**

**Kung wala kang smartphone o hindi ma-install ang mga app sa iyong smartphone, mangyaring mag-rent ng smartphone sa paliparan sa panahon ng pagpasok sa Japan (sagot mo ang bayarin para rito).**

* Ang pagkumpirma sa mga app ng staff at paggabay sa pag-rent sa paliparan ay magsisimula mula sa Haneda Airport at Narita Airport Terminal 2. (mula Marso 18)
Plano itong sunud-sunod na palawakin sa iba pang paliparan.

**Sa 14 na araw mula pagpasok sa Japan, upang matiyak na ikaw ay nananatili sa iyong bahay o hotel, mangyaring i-install at gamitin ang mga sumusunod na app sa iyong smartphone.**

* Sa panahon ng pagpasok sa Japan, hihilingin namin na magsumite ka ng Nakasulat na Pangako kung saan nakasaad na, sa 14 na araw mula pagpasok sa bansa, mananatili ka sa iyong bahay atbp., gagamitin mo ang mga app na pang-kumpirma ng lokasyon, atbp. Kung hindi mo tuparin ang mga nasabing pangako, maaaring ilathala sa publiko ang iyong pangalan atbp. Maaaring mapailalim ang mga dayuhan sa proseso upang bawiin ang kanilang status of residence at proseso sa pag-deport batay sa Immigration Control Act.

| | |
|---|---|
| ① Pag-install ng **OSSMA**<br>(app na pang-kumpirma ng lokasyon) | Kailangan ito upang iulat ang iyong lokasyon. |
| ② Pag-install ng at Pag-sign up sa **Skype**<br>(app na pang video call) | Upang kumpirmahin ang iyong lokasyon, maaari kang tawagan ng taong namamahala sa pamamagitan ng video call. Kailangan mo itong sagutin. |
| ③ **Setting ng Pag-save ng Impormasyon Ukol sa Lokasyon** sa Iyong Smartphone<br>(Setting sa Google Maps atbp.) | Kapag ikaw ay naging positibo atbp. pagkatapos pumasok sa Japan, kailangang ipakita ang tala ng impormasyon ukol sa lokasyon sa health care center atbp. |
| ④ Pag-install ng **COCOA**<br>(Contact Confirming Application) | Maaari kang makatanggap ng notipikasyon tungkol sa pagkakaroon ng contact kasama ng taong impektado ng COVID-19. |

**Para sa paraan ng pag-install at pag-set up ng bawat app, mangyaring sumangguni sa sumusunod:**
https://www.mhlw.go.jp/content/000752493.pdf

* Kung hindi mo pa na-install o na-set up ang mga kinakailangang app bago ng iyong pagdating, maaaring mas matagal ang iyong paghintay sa paliparan kaysa sa iba.